# Kulimlim sa Katanghalian

## *Isang Saliksik sa mga Kuwentong Noir*

EUSTAQUIO A. BARBIN III

**ABSTRAK**

Ang *noir* ay isang kategorya ng kuwento sa ilalim ng kuwentong krimen (crime fiction). Mula sa salitang Pranses na "itim" ang kahulugan sa literal na salin, naging sikat ang noir noong dekada 70. Nakaugnay ang noir sa tagpuang ginagalawan nito na kung saan madalas na nailalarawan ito sa madidilim na bahagi ng mga lungsod, at ang mabibigat na damdaming dala nito. Pag-aaralan ng artikulong ito ang mga lokal na kuwentong noir upang maging lunsaran ng mga nais magsaliksik tungkol sa paksang ito. Tatangkain din ng artikulo na tumukoy ng mga elementong maaaring gamitin sa pagsusuri ng mga kuwentong noir. Susuriin kung paanong ang istilong ito ay ginagamit, hindi lang para maging interesante ang pagkukuwento, kundi para maunawaan ng mambabasa ang mga karanasan, kaisipan, at mga damdaming madalas isinasantabi, ibinabasura, at ikinukubli sa dilim.

**MGA SUSING SALITA**

noir · crime stories / kuwentong krimen · iligal · panitikan

## ANO ANG NOIR?

Unang ginamit ang salitang noir para ilarawan ang mga sikolohikal na kuwentong krimen sa Amerika na nasa anyong pelikula noong unang hati ng ika-20 siglo. Mga bersiyon ito sa pelikula na halaw mula sa mga nobelang krimen na nagmula sa Europa.[1] Isang subgenre ang noir ng mga malikhaing akda gaya ng maikling kuwento, nobela, pelikula, at iba pa, na tumatalakay sa madilim na bahagi ng daigdig o isipan ng tao. Madalas na ginagalawan nito ang mga tema tulad ng gawaing ilisito at iligal. Madalas itong nakalunan sa kubling bahagi ng mga lungsod. Madalas rin na may nagaganap na pag-iimbestiga sa mga kuwentong noir—isang pagtuklas sa kadiliman at mga mukha nito sa lipunan.

Mailalarawan din ang noir sa pagtukoy sa apat na elementong makikita dito. Ito ang mga elemento ng desperadong tauhan; ng depektibong lunan; magaan o kakatwang salitaan; at ng resolusyong walang solusyon. Nasubaybayan ni Resil Mojares ang mga katangian na ito mula sa mga pangdaigdigang noir at inalingawngaw niya sa kanyang artikulong *Is There a Philippine* Noir?[2]

Sa ngayon, may malawak na paggamit sa salitang noir para ilarawan ang lahat ng mga kuwentong may elemento ng iligalidad. Kung minsan, nagiging kasingkahulugan nito ang *crime fiction*. May nagsasabi namang ang noir ay isang kategorya lang ng kuwentong krimen, gaya ng *gangster fiction*, kuwentong detektib, at iba pa.

Dito na nagsisimula ang unang kalituhan ukol sa noir na kailangan linawin. Kung madalas na gamitin bilang magkasingkahulugan ang dalawang termino (noir at crime fiction), paano mapaghihiwalay ang dalawa? Para matugunan ito, gumawa ang awtor ng isang dayagram na magpapakita ng kanyang pag-unawa sa saklaw ng noir kaugnay ng iba pang mga nalalapit na genre. Gagamit ng ilang kuwentong krimen sa lokal para ipaliwanag ito.

Sa dayagram, makikitang nakapaloob ang mga kategorya sa loob ng bilog ng Kuwentong Krimen. Ang elemento ng krimen at iligalidad ang katangian na nagpapaloob sa lahat ng kategorya sa masaklaw na kategorya ng kuwentong krimen. Makikita naman ang ugnayan ng noir sa iba pang kategorya. Mahihinuha sa dayagram kung paanong ang mga kategorya ay may bahaging saklaw din ng Noir. Ang mga bahaging ito ay kumakatawan sa mga akdang parehong maikakategorya halimbawa bilang noir at kuwentong detektib (A).

Ang mga akda ni F.H. Batacan na *Smaller and Smaller Circles* ay maipapaloob sa kuwentong detektib. Dahil mayroon din ito ng apat na katangian ng noir, maaari na itong ipaloob sa espasyong may titik (A).


Ang nobelang *Mondo Manila* naman ni Norman Wilwayco ay nasa espasyo na nasasaklaw ng noir at *hard-boiled*, at minarkahan ng titik (C). Ito ay dahil naka-ukol ito sa sikolohiya at metodo ng paggawa ng krimen (na katangian ng kuwentong hard-boiled), habang malinaw na pinaiiral ang apat na katangian ng noir (depektibong tauhan, depektibong daigdig, kakatwa o magaan na dayalogo, at wakas na di nagpabago sa daigidg ng kuwento).

Ang dayagram ay nagpapaliwanag sa katangian ng noir kaugnay ng masaklaw na kuwentong krimen at iba pang kategorya. Hindi nito, halimbawa, ipinapakita ang ugnayan ng kuwentong detektib sa *police procedural* o sa kuwentong hard-boiled. Hindi rin isinama dito ang ilang kategorya na maaaring sumailalim sa mga kuwentong krimen, gaya ng *urban hero* at *thriller*. Pinapakita lang nito kung gaano kasalimuot ang pagkakategorya dahil sa mga indibidwal na katangian ng bawat kuwento na makikita din sa ibang kategorya.

---

[1] Ibid.

[2] Resil Mojares, "Is There a Philippine Noir," nasa Interrogations, (Manila: De La Salle University Press, Inc., 2018), 113-127.




Sa pagsusuri ng katangian ng mga subgenre ng kuwentong krimen, lumilitaw ang kaibhan ng mga ito sa noir. Ang noir ay hindi kailangang magkaroon ng tauhang detektib o mala-detektib. Bagama't ang mga kuwentong detektib ay maaaring maging noir kung depektibo ang pangunahing tauhang nag-iimbestiga at ang lunan. Hindi rin karaniwang nalulutas ang kaso sa noir dahil sumusuway ito sa prinsipyo ng wakas na walang resolusyon. Kung malutas man ang kaso o misteryo, nagbunsod na ito ng pinsala na di na maitatama.[3]

## ANG NOIR SA LOKAL NA KONTEKSTO

Sa mga panitikang nasa wikang Filipino, iilan pa lang ang natitisod ng awtor na batis ng pagtalakay sa paksang ito. Ito ay bagama't may karamihan ang mga malikhaing akda sa lokal na maaaring ihulog sa noir o mas malaking kategorya ng kuwentong krimen. Marami sa pagpapakahulugan at pagkakategorya sa artikulong ito ay hiniram mula sa mga banyagang manunulat at mga institusyon. Gayunpaman sa bahaging ito, tatangkain na makapagpanukala ng mga elementong maaaring tingnan sa pagsusuri ng mga kuwento. Sa pamamagitan ito ng paglalarawan sa mga batayang elemento ng kuwento. Ito ay ang paksa, lunan, ang mga tauhan, at banghay.

Una, sa usapin ng **paksa**, iligalidad ang iniikutan ng mga kuwentong noir. Sa mga iligal na gawaing ito, ginagamit at gagamitin rito ang salitang "krimen" bilang panglarawan. Ito ay bagama't ang salitang krimen sa batas ng Pilipinas ay eksklusibong pumapatungkol lamang sa mga paglabag na nakaumang laban sa estado (against the state) at mga tao (against persons).[4]

Makikilala din umano ang noir sa pamamagitan ng *mood* o pakiramdam na naidudulot ng kuwento kaugnay ng paksa. Ayon kay Resil Mojares, "malalim na depresyon" (deep depression) ang maaaring iugnay sa kategoryang ito.[5] Kalungkutan at pagdurusa

[3] Resil Mojares, "Is There a Philippine Noir," nasa *Interrogations*, (Manila: De La Salle University Press, Inc., 2018), 113-127.

[4] Crimes Against the State" at "Crimes Against Persons" Title 2-3, nasa *Revised Penal Code of the Philippines* (2014), 8-27.

[5] Resil Mojares, "Is There a Philippine Noir," nasa *Interrogations,* (Manila: De La Salle University Press, Inc.,2018 ), 113-127.

ang ipinadarama ng paksa, ng kaligiran, ng tauhan, o ng banghay.

Ang mga kuwentong ito ay tumutuon sa namamahay na kadiliman sa kalooban ng tauhan. Inilalarawang depektibo ang tauhan dahil hindi kumbensyunal ang nakikita niyang mga solusyon sa kanyang mga problema. Nakikita niya ang normalidad ng karahasan at kahirapan. Dahil bahagi ang tauhan ng daigidig na ito, di niya ito mahusgahan.[6]

Ang mambabasa pa ang mas makapapansin sa kahungkagan ng sitwasyon ng tauhan. Sa noir, may kagustuhan ang tauhan na kumawala, magwala, o gumawa ng krimen para matigil ang karahasan ng daigdig na personal niyang nararanasan. Pero walang paraan para tumakas mula sa sitwasyong kinapapalooban ng (mga) tauhan. Hindi mareresolba ang problema. May ilang magbabago pero ganoon pa din ang mundo sa huli. Hindi isang eksepyon ang krimen, bagkus ito ang bumubuo sa takbo ng buhay ng mga tauhan.[7]

Ang kawalang-pagbabagong ito ang lalong nagpapalamlam sa noir. Sa mga kuwentong ito, ang mga tauhan ay patuloy na humaharap sa mga nakapanlulumo o nakaka-*depress* na sitwasyon. Malaki ang kaugnayan ng pagkabalisa at pag-aalalang ito sa kanyang sikmura, sa kanyang estadong ekonomikal. Habang ang iba ay pinoproblema ang kahulugan ng buhay, ang mga tauhan sa noir ay madalas nangangamba kung mayroon pa silang buhay kinabukasan. Nagmumula ang pangambang ito sa nagbabantang karahasan, at sa nandidilat na kahirapan na maaaring tingnan din bilang malawakan at sistematikong karahasan.

Ang karahasan ay mararamdamang nasa paligid lang, nagbabadya o kaya'y nagbabanta. Sa maraming kuwentong noir, pinagagaan lang ito sa pamamagitan ng kakatwang palitan ng mga salita, sa kabila ng nagbabadyang kaguluhan. Halimbawa nito ang mga tauhan sa *Satan Has Already Bought U* ni Lourd De Veyra. "Pandesal with eggs. Perfect," ang komentaryo ng isang tauhan matapos pag-usapan ang isang pinaslang na tinanggalan ng bayag at iniwan sa estante ng isang panaderya.[8] Di imposible na matawa o mangiti sa pagbabasa ng noir. Gayunpaman ang *humor* o esensya ng katatawanan ay naka-umang sa madilim na kahulugan. *Dark humor* kung tawagin sa Ingles.

Ikalawa, malalim ang papel ng **lunan** sa ganitong mga kuwento, na kahit ang mismong lugar ay may karakter. Kung depektibo ang tauhan, depektibo rin nga ang daigdig niya.[9] Hindi ito nakabatay sa kung pangmahirap o pangmayaman ba ang lugar. Maaaring magkaroon ng krimen sa alinmang lunan. Sa koleksiyong *Manila Noir*, ang bawat kuwento ay iniugnay sa iba't ibang lugar sa Maynila. Marami sa mga krimen ay naganap sa mayayamang komunidad gaya ng Forbes Park at New Manila.

Sa paglalarawan pa lang ng lunan sa noir, mapapansin na agad na may mali. Maaaring ilarawan ang tambak ng basura sa kalye o estero na hindi na hinahakot, o isang bahay na may mataas na pader at tarangkahan na madalas puntahan ng mga taong may magagarang sasakyan. Hindi kailangang maging literal ang pagiging "madilim" ng lunan. Maaaring makita ito sa tindi ng init ng araw sa lugar na iyon, katulad ng katangian ng *Mediterranean noir* ayon kay Mojares.[10] O maaari ding sa isang paskil sa Greenbelt mall na nagsasabing "POOR PEOPLE and OTHER DISTURBING REALITIES STRICTLY PROHIBITED," sa kuwentong "Aviary" ni Lysley Tenorio.[11]

Sa kuwentong *Lumpen* ni Federico Licsi Espino,[12] ang Avenida Rizal ang naging lunan.

---

[6] Ibid.

[7] Ibid.

[8] Jessica Hagedorn, ed., *Manila Noir* (New York: Akashic Books, 2013), 48.

[9] Resil Mojares, "Is There a Philippine Noir," nasa *Interrogations*, (Manila: De La Salle University Press, Inc.,2018), 113-127.

[10] Ibid.

[11] Lysley Tenorio, "Aviary," nasa Manila Noir, ed. Jessica Hagedorn (New York: Akashic Books, 2013), 17.

[12] Federico Licsi Espino, Lumpen (Metro Manila: Limbagang Araro, 1985).

Literal itong tagpuan ng mga nagbebenta ng aliw at mayayamang parokyano, mga tao mula sa iba't ibang antas o uri. Sa pagsusuri ng kuwentong ito, inilarawan ni J. Neil Garcia ang tema ng kuwento bilang perbersiyon. Maging ang Avenida ay isang perbersiyon ng kung ano ito dapat.

Ayon nga kay Mojares, ang mga tagpuan sa mga kuwentong noir ay mikrokosmo ng mas malaking lipunan. Ito rin ang umalingawngaw mula sa suri ni Garcia na naghahalintulad sa "nasyong Filipino" (Filipino nation) sa "isang mahabang abenida ng perbersiyon" (one long avenue of perversion) sa kontekstong post-kolonyal.[13]

Isa pa sa mga manunulat na malinaw na nag-ugnay ng lunan sa mga kuwentong madilim ay si Tony Perez, sa iba't iba niyang aklat sa serye ng *Cubao.* Bagama't malaking bahagi ng mga seryeng ito ay may mga supernatural na elemento, marami pa rin sa kanyang mga kuwento ang naka-angkla sa realidad ng krimen o iba pang ilisitong gawain. Ang mapúno at madilim na Cubao sa mga kuwento ni Perez ay pugad ng iba't-ibang mga di kaaya-ayang tauhan at kuwento na rin.[14] Sa mga kuwentong noir gaya ng mga nabanggit, ang lunan ng mga pangyayari ay may gusto nang sabihin. Pinupunto nito ang pag-iral ng mga lunang ito sa realidad. Mayroong mga lugar na ganito sa halos lahat ng lungsod sa daigdig. Hindi ito kathang-isip ng mga manunulat. Hindi man totoo ang lahat ng lugar na nababanggit sa mga kuwentong noir, malamang na inihalaw ito sa isang umiiral na sulok, kanto, kalsada, tambakan, warehouse, putahan, computer shop, imprentahan ng pekeng dokumento, pwestuhan ng droga, *gillage* (gilid ng village), o estero sa lungsod.

Iminumungkahi din ng usapin sa lunan na ang mga lungsod ay may dalawang mukha. Ang isa ay malinis at maliwanag. Samantalang ang isa ay mabaho, madungis, at madilim. Sa ikalawang lugar kadalasang nakatira ang mga naglilinis at nagpapaganda sa mga kaaya-ayang lugar sa lungsod. Dito nananahan ang mga taong gumagawa ng mga trabahong ayaw gawin ng iba: ang pagtatapon ng basura, pagre-recycle, paglilinis ng kubeta, pagtitingi ng droga, pagpapatumba sa mga kaaway, at iba pa.

Kung sa kuwento ni Edgardo Reyes na *Lugmok na ang Nayon*[15] ay ipinapakita kung paanong tila hinihigop ng lungsod ang yaman ng nayon, sa mga kuwentong noir ipinapakita kung saan humihimpil ang mga yamang-tao mula sa mga lalawigan na hinatak ng mga pangako ng kalunsuran. Sa masisikip at madidilim na lugar na ito na minsan ay ilang dipa lang ang layo sa mga mall at *condo*, nananahan ang mga proletaryo at lumpen-proletaryo na sa hudyat ng makapangyarihan ay agad bumubuhay o kumikitil para may makain.

Esensyal man sa pag-inog ng lungsod ang madidilim na lugar na ito, itinuturing ang mga iyon bilang *iba* o *other*, na umiiral lang para sa pagiging ganap ng marangyang bahagi ng lungsod (ang *subject*). Samantala ang ginhawa at kaayusan ng lungsod ay hindi rito natatamasa. Sa mga lunang ito, iba ang batas. Hindi nang-o-opo ang mga pulis. Hindi kumakatok bagkus ay nanadyak na lang ng mga pinto. Dito, ang kasipagan ay hindi katumbas ng pag-unlad. Ang buhay dito ay hindi kasing halaga ng buhay ng mga nakatira sa mga de-pader at de-gwardiyang mga komunidad at gusali.

Ikatlo, kaugnay ng nabanggit na katangian ng lunan, nagaganap ang pagmamapa sa mga saray ng lipunan sa pamamagitan ng **tauhan** sa mga kuwentong noir.[16] Maaaring ihanay, halimbawa, ang nanlilimos at sindikatong may hawak sa kanya; ang bayarang babae, ang mga bugaw, at ang mga kliyente; o kaya naman ang pulis at ang kanyang mga impormante, o

[13] J. Neil C. Garcia, "*The postcolonial Perverse Hybridity, Desire, and the Filipino Nation in Federico Licsi Espino Jr.'s Lumpen,*" *Intersections: Gender, History and Culture in the Asian Context,* Issue 14 (2006), 18.

[14] Tony Perez, *Cubao Midnight Express: mga pusong nadiskaril sa mahabang riles ng pag-ibig* (Manila: Cacho, 1994).

[15] Efren R. Abueg et. al, *Mga Agos sa Disyerto* (Manila: National Book Store, 1974).

[16] Ibid.

bataang nagre-recycle ng droga. Ang mga di pagkakapantay na ito ang tatambad sa nag-iimbestigang tauhan at sa mambabasa.

Kaugnay ng pagmamapang ito ang pagiging sistematiko at normal ng krimen sa daigdig na iyon. Makikita halimbawa sa mga kuwento na tila may kaayusan, na may tumatayong tila pamahalaan na nagsisiguro sa takbo ng mga iligal na gawain, at nagpapanatili sa pagdurusa ng mga tauhan. Iba pa ito siyempre sa gobyernong mas kilala natin, bagama't parehong gumagamit ng dahas para mapanatiling mangmang at lugmok ang mga nasa ilalim.

Nabanggit nang sa mga kuwentong noir, tipikal ang pagkakaroon ng tauhang nag-iimbestiga. Sa mga ito, ang nag-iimbestiga ay kadalasang may nakaraang di niya maharap, ngunit kailangang harapin dahil sa kasong tinanggap na resolbahin. Maaaring personal o magiging personal para sa nag-iimbestiga ang paglutas sa kaso. May mga bakas din na madidiskubre na magtuturo sa iba pang sekreto. Sa katapusan, ang pagresolba sa misteryo ay di makasasapat para masabing maligaya ang naging wakas para sa nag-imbestiga o sa iba pang tauhan. Ipinapakita ang mga pinsalang naging epekto ng krimen at imbestigasyon.

Maaaring makita ang katangiang imbestigatibo na tinutukoy sa makatotohanang nobela na *The First Impulse* ni Laurel Fauntauzzo.[17] Ito ay tungkol sa pagpatay sa mag-asawang *film critic* na naging matunog noong 2009. Sa *non-fiction* na nobelang ito, ang mismong manunulat ang naging detektib. Ang simpatya niya ay nagmula sa pagiging *repatriated* o balikbayan niya, na siya ring estado ng isa sa mga biktima. Naging malay ang awtor sa moralidad ng pakikisangkot niya sa kaso, at sa ilang pagkakataon ay inihanlintulad ang sarili sa detektib sa pelikulang *Batang West Side* (2001) ni Lav Diaz, na paboritong pelikula ng biktima.

Panghuli, sa mga kuwentong noir, ang krimen o ang mga lihim sa likod nito, ang tinutungo ng **banghay**. Sa ilalim ng ganitong pagbabanghay ng kuwentong krimen, maaalala ang kategorya ng mga klasiko at modernong kuwentong detektib, *police procedurals*, at mga *hard-boiled* na kuwento.

Sa usapin ng banghay, maaari din namang inilalahad ang motibasyon sa isang krimen na sa simula pa lang ay nakahayag na ang mga detalye. At maaari din na sinusundan ang takbo ng isip ng tauhan na tutungo pa lang sa paggawa ng krimen, sikolohikal kumbaga.

Sa noir, hindi kailangang maging detektib o alagad ng batas ang nag-iimbestiga o sinusundang tauhan. Kung minsan nga, sa mga kuwentong hard-boiled, ang takbo ng isip ng kriminal ang sinusundan. Maaaring kaibigan ng biktima, kapitbahay, o mamamahayag, ang nag-iimbestiga. Ang mahalaga, mayroon siyang nakikitang personal na pangangailangan na malutas ang kaso.

Halimbawa dito ang tauhang si Father Saenz sa mga kuwento at nobela ni F.H. Batacan na *Comforter of the Afflicted*[18] at *Smaller and Smaller Circles*.[19] Pinepersonal niya ang mga kaso at maiging kinikilala ang mga may kaugnayan sa kaso. Sa mga akdang ito, hindi nauuwi sa hustisya ang banghay. Sa kuwento, nakatakas ang Koreanong salarin. At sa nobela naman, namatay ang salarin na sinusubukang iligtas rin ni Saenz.

Sa noir, naipag-uugnay ang mga pangyayari sa paligid (paksa at banghay), ang lugar (tagpuan), at dinamiks ng mga tao (tauhan). Samakatwid, ang mga elementong nabanggit ang tumitimpla sa mga detalye ng realidad para maging katanggap-tanggap sa panlasa ng mambabasa, dahil sa mga kuwentong ito, may paglalapat ang realidad sa katha, at ang katha sa realidad. At dahil dito, may nakikitang talaban sa pagitan ng dalawa na maaari sanang

---

[17] Laurel Fauntauzzo, *The First Impulse* (Pasig City: Anvil, 2016).

[18] Jessica Hagedorn, "Comforter of the Afflicted," nasa *Manila Noir,* Jessica Hagedorn, ed., (New York: Akashic Books, 2013), 108-127.

[19] F. H. Batacan, *Smaller and Smaller Circles* (Quezon City: UP Press, 2007).

magbunsod ng pagbabago sa realidad kung mapagtatanto ng mambabasa.

Ngayon, ano ang katangian ng mga lokal na kuwentong noir na masasabing naghihiwalay nito mula sa noir ng ibang lugar? Ano'ng realidad ang ipinapakita ng Filipino noir? Sa totoo lang hindi ito madaling tukuyin dahil nga may kaiksian ang listahan ng mga kuwentong noir sa wikang Filipino na maaaring pagbatayan ng sagot. Isa pang dahilan ay ang pagiging unibersal ng kahirapan at karahasan bilang karanasan sa daigidig. Susubukang magbigay ng sagot ngunit maituturing na mababaw ito. Lalo't ang mga banta ng dilim ay hindi naman eksklusibo lang sa lokal.

Dahil natatangi din ang kasaysayan ng bawat lugar, masasabi din na magiging natatangi ang kuwentong nakatali sa lugar na iyon. Halimbawa, ang pagkakasailalim ng kapuluan natin sa ilang serye ng kolonisasyon ay may malalim na epekto sa sikolohiya at pagkakakilanlan ng mga tao. Sa mga kuwento ni Batacan, makikita ang isang bansang may malalim na ugnayan sa institusyon ng relihiyon, at ang tiwalang ipinapakita ng mga tauhan sa mga alagad ng simbahan.

Naaapektuhan din ng kasaysayan, kaugnay ng kolonisasyon at globalisasyon, ang mga aspirasyon o ninanais ng mga tao. Halimbawa, ang mall sa Makati na binanggit sa kuwentong Aviary ni Tenorio ay produkto mismo ng neoliberal na sistemang umiiral. Ang *economic zones* at *subdivision* na itinatayo sa mga lungsod ay di lang nagbubunsod ng paghahati sa lokasyon kundi pati sa yaman, kaisipan, ninanais, at mga prinsipyo.

Makikita sa mga kuwento sa lokal, sa panghihiram ng ideya kay J. Neil Garcia, ang isang perbersong anyo ng *American dream*. Mayroon lamang tayong perbersiyon ng nasyon, ng demokrasya, at ng kalayaan at kaunlaran aniya.[20] Dahil ipinagbibili din sa kolonisador ang mga yaman ng kapuluan bilang bayad-utang sa presyong sila ang nagtatalaga, ay patuloy ang kasalatang mararanasan ng mga tauhan sa ating mga kuwento. Parehas man ang hinaharap na pagsubok ng iba't ibang lahi, maituturing naman na matindi ang antas ng sa atin, lalo't kung ikokonsidera ang mga epekto ng globalisasyon at pagbabago sa klima. Kung ang lumpen ang latak ng lipunan, ang bansa natin ang latak sa liga ng mga nasyon. Tayo ang pinagkukunan, at tayo ang tinatapunan ng basura. Sila ang nakikinabang sa langis na may mataas na *carbon footprint* pero tayo ang tinatamaan ng mga bagyo.

Sa aklat na *Imagined Communities* ni Benedict Anderson, ipinaliwanag niya kung paanong ang mga panitikang may pambansang abot, gaya ng nobela at pahayagan, ang bumubuo sa imahinasyon kung ano ang bansa.[21] Sa panahon ngayon, maaaring ito ay ang mga balitang nasa telebisyon, radyo, at internet, o kaya ay ang mga pelikulang patok sa masa. Kaugnay nito, hindi makapapayag ang awtor na hindi maisama sa kamalayaan ng publiko ang mga kuwentong noir. Ito ay dahil sa mga nabanggit na rin sa itaas, dahil ang noir ang isa, kundi man ang pinakakumakatawan, sa karanasan ng mga tao sa bansa lalo sa panahon ng mga patayan sa ilalim ng administrasyong Duterte.

Ito ang potensiyal ng mga kuwentong noir. Sa pagsusulat at paglalathala ng ganitong mga kuwento, maaaring makita ang kalagayang kung minsan ay mas absurdo pa kaysa sa mga malikhaing katha. Di maitatanggi ang kaugnayan ng mga kuwentong noir sa pag-usbong ng mga lungsod, at laylayan nito. Mga lungsod ito na epitomiya ng sentrismo ng pamahalaan at ng nasyon. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga naratibong nasa laylayan (at kadiliman) ng lungsod at bansa, masusuri din ang naging epekto sa mga tao ng sentrismong ito.

Makikita sa mga kuwentong babanggitin pa sa ibaba ang pagiging malawak ng krimen bilang paksa. Sa pagbabasa ng mga akdang ito,

---

[20] Garcia, J. Neil C. "The postcolonial Perverse Hybridity, Desire, and the Filipino Nation in Federico Licsi Espino Jr.'s Lumpen." *Intersections: Gender, History and Culture in the Asian Context*. Issue 14 (2006).

[21] Benedict Anderson, *Imagined Communities* (Pasig: Anvil, 2017).

inaasam na magkaroon ng pagkilala kung anong klaseng bansa ang nabuo sa ilalim ng sentrismo ng kalunsuran, nasyon, at globalisasyon.

## MGA AKDA SA NOIR

Nagsimula ang artikulasyon ng proyektong ito dahil sa artikulo ni Mojares na *Is There a Philippine Noir*?[22] Inimbestigahan ni Mojares ang tila kakulangan ng pagkilala sa mga sulating noir sa lokal gayong may kasiglahan ang subgenre na ito sa ibang lugar. Ipinunto niya ang kakulangan ng mga pag-aaral tungkol dito. Tila tinitingnan ang noir sa lokal bilang sekundaryang uri ng panitikan. Tila hindi ito binibigyan ng kaukulang pagkilala maging sa akademya.

Naihahalintulad marahil ang noir sa mga *crime films* noong dekada 70 na tumuon sa kahindikan at kahalayan ng mga totoong krimen. Sa mga pelikulang ito na pumatok sa takilya, hindi naiugnay ang mga kuwentong krimen sa isang panlipunang konteksto. Ito naman ngayon ang inaasinta ng proyektong ito, ang pagtukoy sa kaugnayan ng mga kuwentong krimen sa mas malawak na kalagayang panlipunan.

Makatutulong rin nang malaki ang mga banyagang sangguniang sa pagpapakilala ng noir. Gayunpaman, hindi sapat na pag-aralan lang ang mga banyagang panitikan dahil hindi nito sinasalamin ang mga naratibo sa lokal na maaaring talakayin sa anyo ng noir.

Kaugnay ng ideya ng pagsangguni sa sariling batis ng panitikan, maaaring sangguniin ang di-gradwadong tesis ni Lemuel Magaling na *Nghhnglng Siglo at Iba pang Buntong-hininga*.[23] Makatutulong ang tesis na ito para artikulahin ang pinapaksang mga tauhan, kung magsusulat ng kuwentong noir. Lumpen ang terminong ginamit ni Magaling na mas politisadong terminolohiya. Ang pagtukoy nito sa lugar ng lumpen sa larangan ng panitikan ay nagpapalinaw sa mga puwersang nagbubunsod sa kakaibang katangian ng uring ito. Lumunsad man ang depinisyon ng lumpen bilang latak o basahan ng lipunan mula sa maikling paglalarawan ni Karl Marx,[24] iginiit ni Magaling ang lipunan bilang "criminogenic" o "nagbibigay ng kondisyon sa paglawak ng kriminalidad," at samakatuwid ng pagiging lumpen.[25]

Isa pang manunulat na tumalakay sa kalagayan ng mga lumpen ay si Garcia.[26] Sa kanyang artikulo, sinuri ni Garcia ang lipunan noong dekada 70 sa akda ni Federico Licsi Espino na *Lumpen*. Inilarawan nina Garcia at Espino ang bansa bilang tagpuan ng iba't ibang lahi, uri, at kasarian, at ang bansang Pilipinas bilang perbersong bersiyon ng isang nasyon. Mula sa usapin na ito ng nasyon, mainam na hukayin pa ang kasaysayan para matukoy ang kinahinatnan ng lipunang may naiangat na sentro at naisantabing laylayan.

Mahalagang matukoy ang kasaysayan ng pagkakaroon ng laylayan. Dito maaaring gawing sanggunian muli ang *Imagined Communities*[27] ni Benedict Anderson. Sa pagsusuring ito sa pinagmulan ng ideya ng bansa, napalilitaw ang mga puwersang nagbunsod sa paglago ng mga sentro at pag-usbong ng laylayan. Ang pagtalakay din sa kasaysayan ng paglilimbag sa itinayong bansa ay naglilinaw sa pag-usbong ng canon at ng hindi, ng mababasa at di mababasa batay sa sensurang itinalaga ng estado. Ang aklat na ito ni Anderson ay naghahain ng mga sariwang sipat ukol sa mga usaping ito.

Ang pangingibabaw ng nasyon ay nagbunsod din sa pag-usbong ng mga lungsod.

---

[22] Resil Mojares, "Is There a Philippine Noir," nasa *Interrogations*, (Manila: De La Salle University Press, Inc.,2018), 113-127.

[23] Lemuel Magaling, "*Nghhnglng Siglo at Iba pang Buntong-hininga*" (Di-gradwadong Tesis, Unibersidad ng Pilipinas, 2017).

[24] Karl Marx, *Manifesto ng Partido Komunista*, salin ni Zeus Salazar (Palimbagan ng Lahi, 2000), 37.

[25] Lemuel Magaling, "*Nghhnglng Siglo at Iba pang Buntong-hininga*" (Di-gradwadong Tesis, Unibersidad ng Pilipinas, 2017), 7.

[26] J. Neil C. Garcia, "The postcolonial Perverse Hybridity, Desire, and the Filipino Nation in Federico Licsi Espino Jr.'s Lumpen," *Intersections: Gender, History and Culture in the Asian Context,* Issue 14 (2006).

[27] Benedict Anderson, *Imagined Communities* (Pasig: Anvil, 2017).

Ang pag-usbong ng lungsod ay naghati sa kapuluan sa sentro at laylayan. Ngunit kahit sa loob ng lungsod ay may paghahati pa rin. Makakatulong ang isang pagsipat sa lipunan na iba sa lente ng estado at iba pang institusyon. Sa librong *Weapons of the Weak* ni James Scott, nagbitaw siya ng pahayag na maaaring maging gabay sa mga nagsusulat at sumusuri ng kuwentong noir:

> "Mula sa ibang sipat, ang tangka rito ay ang ipakita kung gaano kahalaga, kayaman, kakomplikado ang mga lokal na ugnayan, at kung ano-ano ang maaari nating matutuhan sa mga pagsusuri na hindi nakatuon sa estado, sa mga organisasyong pormal, sa mga hayag na protesta, at mga pambansang isyu.[28]"

Sa daigdig naman ng panitikan, ang mga sumusunod ay maaaring maging inspirasyon at gabay ng mga awtor ng noir. Marami sa mga manunulat sa ibaba ay hindi eksklusibong nagsulat ng noir, ngunit nagsulat ng mga akdang may parehong bigat.

Isa sa mga pinakakilalang nobela na tumalakay sa kawalan ng pagkakapantay-pantay na matatagpuan sa mga lungsod ang *Sa Mga Kuko ng Liwanag*[29] ni Edgardo Reyes. Uminog ang kuwento sa inhustisya sa lungsod at nagtapos sa pagkakapahamak ng pangunahing tauhang si Julio Madiaga na naghahanap kay Ligaya. Isa ito sa mga unang kuwentong naglarawan sa lungsod bilang marimarim na lugar. Inihahalintulad nito ang mga gusali sa mga puntod na nalalagakan ng mga kalansay. Isa rin ito sa mga akdang unang tumalakay sa prostitusyon bilang komoditi ng lungsod.

Sa akdang ito, malinaw ang pagkakasalabad ng lugar na ginagalawan, at ng estado sa buhay. Makikita rin ang halimbawa ng pagkakaroon ng karakter ng isang lugar. Isang bagay na mahalaga rin sa mga kuwentong noir. Inihahalintulad nito halimbawa ang mga gusali sa mga puntod.

Maikukumpara ang akdang ito sa dalawang nobela ni Rizal, na ayon kay Mojares ay umiikot rin sa krimen bilang "generating event" o tagapagbunsod ng mga sumunod na pangyayari.[30] Umiinog din kasi ang mga nobela ni Rizal sa paghahanap ng hustisya para sa magulang na pinatay, at babaeng minamahal ng protagonista na biniktima ng pangangalunya ng isang pari.

Isa pang koleksiyong mahusay na naglarawan sa lungsod ang *Cubao Midnight Express: Mga Pusong Nadiskaril sa Mahabang Riles ng Pag-ibig*[31] ni Tony Perez, na kabilang sa koleksiyong Cubao Series. Nakapanghihilakbot ang husay na ipinakita ni Perez sa koleksiyong ito. Bagama't nakapanahon 30-40 taon na ang nakalipas, mababasa na rito ang nakakapangambang mga naratibo na umusbong sa dati nang sentro ngunit masukal at madilim pang Cubao. Hindi maaaring ilunan sa ibang lugar ang mga kuwento rito dahil ang mismong lunan ay kabilang sa nagpapausad sa banghay. Gaya ng nobela ni Reyes, ang mga kuwento ni Perez ay isang mahusay na gabay sa pagtatahi ng kuwento sa isang partikular na lunan. Kabanggit-banggit din ang *Cubao: Pagkagat ng Dilim*,[32] kung saan itinutulad ni Perez ang mga kuwentong kababalaghan sa isang subconscious na tinataglay ngunit tinatago ng lungsod, isang paglalarawang mailalapat din sa noir.

May ilang kuwento din si Ave Perez Jacob sa librong *Ang Pagdating ni Elias Plaridel*[33] na mainam ikonsidera. Ilan sa mga kuwento dito ay tumalakay sa patayan halimbawa sa Tondo,

[28] Salin ng awtor. James Scott, *Weapons of the Weak: Everyday Forms of Peasant Resistance.* (USA: Yale University. 1995), xix.

[29] Edgardo M. Reyes, *Sa Mga Kuko ng Liwanag* (Manila: De La Salle University Press, Inc., 2002).

[30] Resil Mojares, "Is There a Philippine Noir," nasa *Interrogations*, (Manila: De La Salle University Press, Inc.,2018), 113-127.

[31] Tony Perez, *Cubao Midnight Express: Mga Pusong Nadiskaril sa Mahabang Riles ng Pag-ibig* (Manila: Cacho, 1994).

[32] Tony Perez, *Cubao: Pagkagat ng Dilim* (Manila: Cacho, 1993)

[33] Ave Perez Jacob, *Ang Pagdating ni Elias Plaridel* (Pateros: R.O. Santos Enterpirse, 2002).

at sa lagay ng mga binansagang kriminal sa loob ng mga bilangguan. Gayunpaman maaaring pagdebatehan ang pagiging noir nito dahil mapapansin na may ideya ang may-akda ng isang mesiyas sa katauhan ni Elias Plaridel, na isang organisadong rebelde.

Ang nobelang isinapelikula na *Smaller and Smaller Circles*[34] ni F.H. Batacan naman ay mahusay na halimbawa ng mga kuwentong krimen na imbestigatibo. Ang maingat na pagbibitaw ng mga detalye ay kaugnay ng dahan-dahang pag-usad ng kuwento at ng mga kaakibat nitong usapin at damdamin. Gayunpaman, hindi ito nagsusubo ng mga didaktikong aral bagkus ay nagpapahiwatig. Sa kuwentong ito, bihasa si Father Saenz sa Forensic Anthropology, dahilan para mas maging mahusay nga siya sa mga pulis na nag-iimbestiga. Inalis nito ang kapulisan bilang pangunahing imbestigador sa mga krimen. Bagay na angkop lang dahil hindi pinagkakatiwalaan ang mga pulis sa realidad at maging sa kuwento dahil sa kakulangan ng husay o/at sinseridad.

Nasa Manila Noir naman ang kuwento ni F.H. Batacan na "Comforter of the Afflicted na isang imbestigasyon sa pagkamatay ng isang babaeng tumutulong sa mga inaabusong kapwa babae. Ang paring imbestigador dito na si Father Saenz ang siya ring pangunahing tauhan sa nobelang *Smaller and Smaller Circles*. Sa lahat ng nabanggit na manunulat sa bahaging ito, si Batacan ang may pinakamalinaw na eksekusyon ng kuwentong detektib at noir.

Samantala, nasa Manila Noir din ang kuwentong *A Human Right* ni Rosario Cruz Lucero. Isa itong kuwento ng paghihiganti ng isang tauhan sa isang kasapi ng Davao Death Squad na naghahasik ng lagim sa Davao City. Sa kuwentong ito, napalitaw ang ilang pagkakapareho ng Maynila at Davao. Bukod rito, may ilang pang kuwentong naisulat si Cruz Lucero na umiikot sa krimen at iligalidad gaya ng *Demonyo at Good Husbands, Obedient Wives.*

Ang kuwentong *Sidhi*[35] ni Yvette Tan sa wikang Ingles naman ay nagpapakita na kahit sa mundo ng mga kakaibang nilalang gaya ng mga tikbalang at maligno, nagkakaroon pa rin ng puwang ang iligalidad. Ispekulatibo man ang kuwentong ito, nailalarawan pa rin nito ang isang daigdig na hindi malayo sa katotohan. Kumpleto ito sa mga kalokohan, kalungkutan, pamahiin, hiwaga, at kasabugan sa droga. Dito ipinakita kung paanong ang drogang ito, gaya ng ibang uri ng droga, ay ginagamit bilang pampalimot sa mga nangyayari sa lipunan. Maitatanong tuloy kung alin ba ang may problema, ang droga o ang lipunan?

Maganda ring maisama sa listahang ito ang mga akda sa librong *Pektus* ng grupong Sulat-Kamay, partikular ang mga akda nina Giselle Espino, Ricky Ornopia, Kiko Rafols, at Taks Barbin. Samantala, nariyan din ang koleksiyon ng mga kuwentong inilabas ng Ungaz Press. Ito ay mga grupong pawang umusbong mula sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas.

Isa sa mga pinakabagong akda naman na tumatalakay sa organisadong krimen ang nobelang *Aklat ng mga Naiwan*[36] ni Arlo Mendoza. May elemento ang nobelang ito ng pag-iimbestiga na isinagawa ng iba't ibang tauhan. Sa huling bahagi, naging tila gabay ang libro sa paggawa ng mga sistematikong krimen, na nagbigay sa akda ng metatekstwal na katangian. Sa nobelang ito, tila sinasabi na ang mga pamahalaan ang may monopolyo sa organisadong krimen. Isa itong obserbasyon na laganap sa buong daigdig ngunit may sariling mukha sa Pilipinas.

Sa mga naunang bahagi ng proyekto, nabanggit na maselan ang pagkukuwento tungkol sa krimen lalo't kung totoo itong nangyari. Bagama't may kalayaan ang may-

---

[34] F. H. Batacan, *Smaller and Smaller Circles* (Quezon City: UP Press, 2007).

[35] Yvette Tan, "Sidhi" nasa *Best of Philippine Speculative Fiction 2005-2010*, ed. Nikki at Dean Francis Alfar, (UP Press, 2013), 278-295.

[36] Amado Anthony Mendoza III, *Aklat ng mga Naiwan* (Quezon City: Balangiga, 2018).

akda na lumikha ng sariling daigdig at kuwento, ang paghalaw sa realidad ay may kaakibat na etikal na responsibilidad. Maaaring maging gabay para rito ang aklat na *The First Impulse*[37] ni Laurel Fauntauzzo na nabanggit na sa itaas. Malaking ambag ng akdang ito sa proyekto ang etikal na mga tanong ng manunulat sa sarili habang iniimbestigahan ang kaso, kaugnay ng kanyang pakikisangkot bilang isang tagalabas.

Isa naman sa mga kilalang nagsusulat at tumutuon sa iligalidad sa lente ng mga gumagawa nito si Norman Wilwayco. Ang nobelang *Mondo Manila*[38] at ang koleksiyon niya ng mga maikling kuwento sa *Responde*[39] ang ilan sa mga premyado niyang akda. Isa si Wilwayco sa tumalakay sa "looban" bilang lunan ng mga kuwento. Ang bawat kuwento ay maaksyon. Simple pero kakatwa ang wikang ginagamit. Naipakita niya ang isang bahagi ng lipunang umiinog sa krimen.

Naipasok din niya sa kanyang mga kuwento ang teknolohiya ng internet bilang elemento ng krimen. Bukod pa ito sa pagtalakay sa adiksyon, at brutalidad ng mga pulis na ipinakitang may sariling interes.

Sa pagtisod sa mga akdang ito ni Wilwayco, makikita agad ang pagkakatulad ng mundo ni Wilwayco sa mundong ginagalawan. Sinumang makatitisod sa kanyang mga kuwento ay mapapabasa ng ilang mga pahina hanggang makarami, nagbabasa man sila ng noir o hindi, mahilig man silang magbasa o hindi. Dahil dito maaaring gawing pamantayan si Wilwayco sa pagsuri ng ibang akda sa parehong kategorya.

Isa din sa mga pinakabagong nagsusulat ng noir ay si Ronaldo Vivo Jr. Sa kanyang maiksing nobela na *Ang Kapangyarihang Higit sa Ating Lahat,*[40] malinaw ang tindig ng manunulat na sumisimpatya sa mga lumpen sa naratibo. Lumilitaw ring antagonista ang kapulisan. Kinakatawan ng nobelang ito ang tatlo sa apat na katangian ng noir na nabanggit sa taas: ang pagkakaroon ng desperadong tauhan; ng magulong daigdig o lunan; at ilang kakatwang mga batuhan ng diyalogo. Maaari namang pagtalunan kung nagkaroon ba ng masayang wakas ang kuwento sa pagkakatakas ng tauhan mula sa presinto sa huling bahagi.

Maaalala sa nobelang ito ang libro naman ni Bob Ong na *Macarthur*[41] na may tema ng muling paglitaw matapos ang mga tangka ng pagbabaon sa naratibo ng tauhang lumpen. Ang pamagat ay paglalaro sa mga salita ni Douglas MacArthur na "I shall return", na iniugnay sa pakiramdam ng tauhan na inilalarawan bilang taeng muling bumabalik kahit ilang beses buhusan.

Bukod sa nobelang nabanggit, ilan pa sa mga nailathala ni Vivo ang *Domestik Rat* noong 2018 at *Ang Bangin sa Ilalim ng ating mga Paa* noong 2021.Inaasahang madaragdagn pa ito sa taong 2024.

Sa mga nabanggit na mga manunulat sa artikulong ito, tila sina Wilwayco at Vivo lamang ang dedikadong nagsusulat ng mga kuwento na istriktong matatawag na noir.

## KONGKLUSYONG WALANG RESOLUSYON

[37] Mapalad na naging kaibigan ko ang may-akda ng libro habang sinusulat niya ito. Pasasalamat kay Fauntauzzo sa pagbuo ng librong ito sa kabila ng mga agam-agam at batikos sa kanyang pakikisangkot. Laurel Fauntauzzo, *The First Impulse* (Pasig City: Anvil, 2016).

[38] Norman Wilwayco, *Mondo Manila* (Manila: Automatic Writings, 2005).

[39] Norman Wilwayco, *Responde* (Manila: PinoyXpress, 2007).

[40] Ronaldo Vivo Jr., *Ang Kapangyarihang Higit sa Ating Lahat* (Manila: Ungaz Pres, 2015).

[41] Bob Ong, *Macarthur* (Manila: Visprint, 2007).

Ang noir bilang genre ng panitikan ang pinakatotoo sa lahat.[42] Matalas ang pahayag na ito, pero kung tatanungin ang awtor kung aling uri ng panitikan ang pinakanakahahalukay sa mga itinatago ng mga lungsod at sibilisasyon, ang nagiging pinakatapat sa pagkukuwento ng mga paksang kadalasan ay taboo, ito na marahil ang noir o mga kuwentong krimen sa kabuuan. Lalo kung ang mga terminong ito ay sasaklaw din sa mga domestikong krimen, at mga historikal na kuwentong krimen.

Ang lipunan ay hindi lang kung ano ang nakikita at pinag-uusapan. Ang mga di-pinag-uusapan ay nariyan, nararamdaman natin. Nakakatakot man ang mga bagay na di natin alam, nakakatakot man ang dilim, sa dilim lang makakapa ang mga bagay na sa liwanag ay di natin pinapansi. Sa mundong ginagalawan, mata ang madalas nating gamitin sa pagkilala ng mga tao at sitwasyon. Sa pakikipagkaibigan sa dilim, nalalaman nating may iba pa palang paraan para maunawan ang daigdig.

Tama ang nobelistang si Raymond Chandler sa pagsasabing, "Hindi mahalimuyak ang mundong ito, ngunit ito ang daigdig kung saan ka nabubuhay" (It is not a fragrant world, but it is the world you live in).[43] Ang pagtuon sa realidad ng krimen ay pagtuon sa realidad. Hindi man ito kaaya-aya, ang pagpansin sa mga naratibong ito ay maaaring magbunsod sa paglutas sa mga kubling problema ng lipunan.

At dahil sa malakas na talaban ng mga kuwentong noir at ng realidad, maaaring tingnan bilang responsibilidad ang paggigiit ng mga naratibong gaya sa mga kuwentong noir. Isang paraan pa ng pagpapatuloy sa tradisyong ito ng noir ang pag-aambag sa malikhaing batis nito (na nais ding gawin ng awtor). Kasabay ng pagdiriwang sa husay ng mga nabanggit na kuwento at artikulo, inaasam din na madagdagan pa ang mga akdang noir na tumatalakay sa mga paksang taboo, at mga bahay-lathala na naglilimbag ng noir. Mabibilang pa sa daliri ang mga bahay-lathalang ito gaya ng PinoyXpress at Balanginga. Kung nais natin ng katotohanan, di natin dapat na katakutan ang dilim, dahil dito maraming kubli at hayag na nagaganap.

---

42 James Sallis, "Foreword," nasa American Noir, a Pocket Essential Guide to US Crime Fiction, Film and TV, ed. Forshaw Barry. (UK: Old Castle: 2017).

43 Catherin Ross Nickerson, *The Cambridge Companion to American Crime Fiction* (New York: Cambridge University Press, 2010).

## SANGGUNIAN

Adamson, Lesley G. *Writing Crime Fiction*. New York: McGraw-Hill, 2003. 32-62.

Anderson, Benedict. *Imagined Communities*. Pasig: Anvil, 2017.

Batacan, F. H. *Smaller and Smaller Circles*. Quezon City: UP Press, 2007.

Beecroft, Alexander. "Introduction." *An Ecology of World Literature: From Present Day to Antiquity.* London: Verso. 2015. Epub. 84-87.

Espino, Federico Licsi. *Lumpen*. Metro Manila: Limbagang Araro, 1985.

Fauntauzzo, Laurel. The First Impulse. Pasig City: Anvil, 2016.

Forshaw, Barry. *American Noir, a Pocket Essential Guide to US Crime Fiction, Film and TV.* Foreword by James Sallis. UK: Old Castle: 2017.

Hagedorn, Jessica et.al. *Manila Noir*. New York: Akashic Books, 2013.

Jacob, Ave Perez. *Ang Pagdating ni Elias Plaridel.* Pateros: R.O. Santos Enterpirse, 2002.

Lagman, Marco Stefan. "Reconstructing the Environment of Illegal Gambling Activity in the 19th Century Manila through the Juegos Prohibidos." *The Journal of History*. Vol. 69, 2013, 38-70.

Lumbera, Bienvenido. "Bakit Hindi Paksaing Filipino?" *Writing the Nation/Pag-aakda ng Bayan.* Quezon City: UP Press, 2000.

Lucero, Rosario Cruz. *Feast and Famine* . Quezon City: University of the Philippines Press, 2013.

Magaling, Lemuel. "nghhnglng siglo at iba pang buntong-hininga." Di-gradwadong Tesis, Unibersidad ng Pilipinas, 2017.

Marx, Karl. *Manifesto ng Partido Komunista.* Salin ni Zeus Salazar, Palimbagan ng Lahi, 2000.

Mendoza, Amado Anthony III. *Aklat ng mga Naiwan.* Quezon City: Balangiga, 2018.

Mojares, Resil. "Is There a Philippine Noir" nasa *Interrogations,* 113-127, Manila: De La Salle University Press, Inc., 2018.

Nickerson, Catherin Ross. *The Cambridge Companion to American Crime Fiction*. New York: Cambridge University Press, 2010.

Ong, Roberto. *Macarthur.* Manila: Visprint. 2007.

Perez, Tony. *Cubao: Pagkagat ng Dilim.* Manila: Cacho, 1993.

Perez, Tony. *Cubao Midnight Express: Mga Pusong Nadiskaril sa Mahabang Riles ng Pag-ibig.* Manila: Cacho, 1994.

Priestman, Martin. *The Cambridge Companion to Crime Fiction*. New York: Cambridge University Press, 2003. 1-7.

Reyes, Edgardo. *Sa Mga Kuko ng Liwanag*. Manila: De La Salle University Press, Inc., 2002.

Scott, James. *Weapons of the Weak: Everyday Forms of Peasant Resistance.* USA: Yale University, 1995.

Tan, Yvette. "Sidhi" nasa *Best of Philippine Speculative Fiction 2005-2010,* ed. Nikki at Dean Francis Alfar, 278-295. Manila: UP Press, 2017.

Vivo, Ronaldo Jr. *Ang Kapangyarihang Higit sa Ating Lahat.* Manila: Ungaz Press, 2015.

Wilwayco, Norman. *Responde.* Manila: PinoyXpress. 2007.

_________. *Mondo Manila.* Manila: Automatic Writings, 2005.

## MGA ONLINE NA SANGGUNIAN

Diksyunaryo.ph. Na-acces noong 15 Hunyo 2021. https://diksiyonaryo.ph/search/lalawigan

French, Paul. "Crime in the City: Noir at High Noon in Duterte's Manila." Crime Reads, 25 April 2017, https://crimereads.com/crime-in-the-city-noir-at-high-noon-in-dutertes-manila/. Na-access noong 12 May 2021.

Garcia, J. Neil C. "The postcolonial Perverse Hybridity, Desire, and the Filipino Nation in Federico Licsi Espino Jr.'s Lumpen." *Intersections: Gender, History and Culture in the Asian Context.* Issue 14 (2006). Web. http://intersections.anu.edu.au/issue14/garcia.html.

Petras, Jayson. "Katutubong Pamamaraan ng Pananaliksik" Pangmadlang Webinar sa Pagsulat ng Saliksik/Artikulong Pang-Dyornal Handog ng PSLLF. 12 Marso 2021. Web. 21 Marso 2021 https://www.facebook.com/177282632359855/videos/282870929896102.

## PASASALAMAT KINA

Dr. Galileo Zafra at Dr. Romulo Baquiran Jr.